

# Gumagawa kami ng bagong bisyon para sa Long Beach-East LA Corridor

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na tool sa pakikipag-ugnayan upang ma-access ang higit pang impormasyon ng proyekto, magtanong o magbigay ng mga komento:

✉ Michael Cano, Ehekutibong Opisyal  
Pagpapalano at Pagpapaunlad sa Buong County  
Metro  
One Gateway Plaza, MS 99-13-1  
Los Angeles, CA 90012

☎ 213.418.3010

✉ 710corridor@metro.net

🌐 [metro.net/lb-ela-cp-hub](https://metro.net/lb-ela-cp-hub)

🐦 @metrolosangeles

📘 losangelesmetro

## PLANO SA PAMUMUHUNAN SA MOBILITY SA LONG BEACH-EAST LA CORRIDOR Dokumento ng Impormasyon



24-0549 ©2023 LACMTA



SUMMER 2023

## Pangkalahatang-ideya

May plano ang Metro para sa Long Beach-East LA Corridor (LB-ELA Corridor) sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mahahalagang stakeholder sa komunidad at rehiyon sa kahabaan ng corridor at pagbuo ng plano sa pamumuhunan na may humigit-kumulang \$730 milyong binubuo ng kita sa buwis sa pagbebenta na maaaring gamitin kasabay ng pagpopondo ng estado at pederal na pamahalaan para bumuo ng mga proyekto at programa sa transportasyon na nagbibigay ng ligtas at de-kalidad na multimodal na opsyon para sa pagbiyahe ng mga tao at produkto. Papaunlarin ng mga pagpapahusay na ito ang malinis na hangin (walang emisyon), mga malusog at likas-kayang komunidad, at pagpapalakas ng ekonomiya para sa lahat ng residente, komunidad at gumagamit sa kahabaan ng corridor.

Itinatag ng Metro ang Task Force ng LB-ELA Corridor nang binibigyang-prioridad ang katarungan at pagiging likas-kaya para isagawa ang gawaing ito kasama ang mga miyembro ng komunidad para matiyak na isinasama ang mga opsyon sa paggalaw sa plano sa pamumuhunan. Ang plano sa pamumuhunan ay gagawin at isusumite sa Lupon ng Mga Direktor ng Metro para sa pagsasaalang-alang sa tagsibol ng 2024.

## Mga Layunin ng Proyekto

- > Kalidad ng Hangin: Alagaan ang lokal at panrehiyong kalidad ng malinis na hangin
- > Kadaliang Kumilos: Pahasayin ang paggalaw ng mga tao at produkto
- > Komunidad: Suportahan ang mga umuunlad na komunidad sa pamamagitan ng pagpapahusay ng kalusugan at kalidad ng buhay ng mga residente
- > Kaligtasan: Ginagawang mas ligtas ang lahat ng paraan ng pagbiyahe
- > Kapitaligiran: Pahasayin ang likas at binuo na kapitaligiran
- > Kaunlaran: Palakasin ang pagiging mapagkumpitensya sa ekonomiya ng County ng LA at dagdagan ang access sa mga de-kalidad na trabaho, pagpapaunlad ng mga manggagawa at oportunidad sa ekonomiya para sa lahat ng komunidad, na may pagtuon sa pagpapalakas ng mga komunidad ng LB-ELA Corridor, na dati nang napinsala at patuloy na napipinsala ng aktibidad at pag-unlad ng ekonomiya
- > Oportunidad: Dagdagan ang access ng komunidad sa mga de-kalidad na trabaho, pagpapaunlad ng mga manggagawa at oportunidad sa ekonomiya

## Iskedyul



Stakeholder Pakikibahagi	Pagtukoy sa Bisyon, Mga Layunin at Paggabay Mga Prinsipyo	Pagpapaunlad Mga Multimodal na Estratehiya At Pagtukoy Mga Proyekto at mga Programa	At Pagsusuri Pagpapaganda sa mga Proyekto At mga Programa	Paglikha ng Pamumuhunan at Patakaran sa Estratehiya para sa Implementasyon	Pag-uulat sa Metro Board
Pagbuo ng Tiwala at Pagtukoy sa Pinagkasunduan					

## Tungkol sa Task Force

Iniinilang ng Metro ang task force noong taglagas ng 2021, bilang pagtugon sa desisyon ng Metro at Caltran na suspindihin ang naunang proyekto ng I-710 at mga komunidad na nagpahayag ng pangangailangan para sa ibang bisyon para sa pagpapabuti ng mobility, kaligtasan, kalidad ng hangin at pangkalahatang kalidad ng pamumuhay sa corridor.

Binubuo ang task force ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad; kapaligiran; mga grupong nagtataguyod; mga organisasyong nagsisilbi sa komunidad; mga ahensya ng lungsod at pamahalaan; paggalaw ng produkto, mga logistic, transportasyon, mga grupo ng paggawa at negosyo.

- > Komite sa Pamumuno sa Komunidad (Community Leadership Committee, CLC) - binubuo ng hanggang 29 na residenteng nakatira at kumakatawan sa komunidad sa loob ng Long Beach-East Los Angeles Corridor
- > Komite sa Koordinasyon – komiteng binubuo ng limang miyembro sa task force at mga miyembro ng CLC
- > Working Group sa Katarungan – binubuo ng task force at mga miyembro ng CLC at nagpapayo sa kung paano tinutugunan ng plano sa pamumuhunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay at paano makakapagbigay ng benepisyo sa lahat
- > Working Group ng Truck na Walang Emisyon – nagpapayo sa Metro para sa pagpapaunlad sa programa ng truck na walang emisyon kasama ang mga lugar para sa posibleng karagdagan pag-aaral, pagsasaalang-alang, at pagpapaunlad para makamit ang layunin ng paggalaw ng mga produkto nang Walang Emisyon sa kahabaan ng LB-ELA Corridor

## PLANO SA PAMUMUHUNAN SA MOBILITY SA LONG BEACH-EAST LA CORRIDOR LUGAR NA SAKOP NG PAGSUSURI

